

PAG-UNAWA SA PAHAYAG NG PANGAKO SA PAGKAKAIBA-IBA, PAGIGING PATAS, INKLUSYON AT AKSESIBILIDAD (COMMITMENT STATEMENT ON DIVERSITY, EQUITY, INCLUSION AND ACCESSIBILITY)

Para saan ang pahayag ng pangakong ito?

May ilang tao at grupo na nakaranas ng mga hadlang sa pakikilahok sa sport sa Canada. Nakatuon ang Volleyball BC sa pag-unawa at pag-aalis ng mga hadlang na ito, noon man at ngayon, sa pamamagitan ng paghikayat sa pagkakaiba-iba, pagiging patas, inklusyon at aksesibilidad (diversity, equity, inclusion and accessibility, o “DEIA”) sa pangangasiwa, mga patakaran, programa at aktibidad nito.

Ang Pahayag ng Pangako (Commitment Statement) na ito ay gumagabay sa Board, staff, mga miyembro at mga kaugnay na organisasyon ng Volleyball BC. Layunin nitong tiyakin na maayos na isinasaalang-alang ang mga pangangailangan ng mga grupong nararapat sa pagiging patas (equity-deserving groups) sa lahat ng aktibidad ng volleyball sa BC.

Ano ang ibig sabihin ng mga salitang ito?

- **Pagkakaiba-iba (Diversity)** – ang pagkakaroon ng mga tao at komunidad na may iba’t ibang personal na katangian, lalo na ang mga grupong nararapat sa pagiging patas, bilang bahagi ng isang grupo o organisasyon
- **Pagiging patas (Equity)** – ang pagbibigay sa mga tao at komunidad ng access at suporta batay sa kanilang mga pangangailangan
- **Inklusyon (Inclusion)** – ang pagtanggap sa mga tao at komunidad na may iba’t ibang katangian sa isang grupo o organisasyon
- **Aksesibilidad (Accessibility)** – sa pahayag na ito, nakatuon ang aksesibilidad sa mga tao sa loob ng komunidad ng mga may kapansanan. Ibig sabihin nito ay ang pagtulong sa pinakamaraming tao hangga’t maaari na makilahok nang makabuluhan sa mga programa, event, pagboboluntaryo o trabaho. Ibig sabihin din nito ay ang pagdidisenyo ng mga produkto, device, serbisyo at espasyo para sa mga taong nakakaranas ng kapansanan.
- **Kapansanan (Disability)** – nakadepende nang malaki sa ating mga ugnayan sa isa’t isa at sa mga espasyong kinaroroonan natin. Ang isang bagay na kapansanan sa isang pisikal o panlipunang sitwasyon ay maaaring hindi kapansanan sa iba. Hindi laging nakikita ang kapansanan, at hindi ninyo kailangang ibahagi ito kaninuman upang makatanggap ng akomodasyon (mga pagbabago o suporta na tumutugon sa inyong mga pangangailangan).
- **Mga grupong nararapat sa pagiging patas (Equity-deserving groups)** – mga grupong sa kasaysayan ay hindi isinama, nakaranas ng diskriminasyon, o binigyan ng limitado o walang access sa pakikilahok. Maaaring kabilang dito, ngunit hindi limitado sa, ang mga kababaihan, mga pamilyang mababa ang kita, mga Katutubo (Indigenous peoples), mga taong racialized, mga nakatatanda (seniors), mga taong may kapansanan, mga bagong dating sa Canada (newcomers), at mga miyembro ng komunidad ng 2SLGBTQIA+.
- **Mga kaugnay na organisasyon (Associated organizations)** – mga organisasyon, tulad ng mga club, na nakarehistro sa Volleyball BC upang magpatakbo ng mga programa ng volleyball para sa kanilang mga miyembro

Kanino naaangkop ang pahayag ng pangakong ito?

Naaangkop ito sa lahat ng miyembro at nakarehistrong kalahok ng Volleyball BC. Naaangkop din ito sa sinumang empleyado o kinontrata ng Volleyball BC o ng isang kaugnay na club, o sinumang kasali sa mga aktibidad kasama ng mga ito o sa ngalan ng mga ito. Kasama rito ang:

- Mga empleyado at kontratista
- Mga atleta
- Mga volleyball club
- Mga coach at mission staff (mga support staff ng mga team sa malalaking palaro)
- Mga referee
- Mga volunteer, manager at administrator
- Mga miyembro ng komite
- Mga magulang, tagapag-alaga at manonood
- Mga direktor at opisyal

Naaangkop din ito sa lahat ng programa at event na inaprubahan (sanctioned) ng Volleyball BC.

Ang volleyball sa unibersidad, kolehiyo at paaralan ay hindi pinangangasiwaan ng Volleyball BC, kaya hindi ito saklaw ng pahayag na ito. Gayunpaman, hinihikayat ang lahat ng kasali sa volleyball sa BC na mag-alok ng patas na mga pagkakataon sa mga grupo at indibidwal na nararapat sa pagiging patas.

Ano ang pangako ng Volleyball BC?

Ang Volleyball BC ay may zero tolerance (walang anumang pagpapaubaya) sa anumang uri ng diskriminasyon.

Ibig sabihin, hindi tinatanggap ang anumang uri ng diskriminasyon. Kabilang dito, ngunit hindi limitado sa, ang rasismo, seksismo, homophobia, diskriminasyon laban sa mga may kapansanan (ableism), transphobia at diskriminasyon dahil sa edad (ageism).

Sa kasaysayan, nakaranas ang mga grupong nararapat sa pagiging patas ng sistematiko, berbal at pisikal na karahasan at diskriminasyon sa sport sa Canada. Hindi sapat ang ginawa ng mga organisasyon sa sport sa antas na panlalawigan, pang-teritoryo at pederal upang gawing mas ligtas ang mga espasyo sa sport, o upang tumugon kapag nangyayari ang diskriminasyon.

Nangangako ang Volleyball BC na patuloy na palakasin ang kakayahan ng komunidad nito na:

- Lumikha ng mga inklusibo at accessible na kapaligiran na naglilimita sa diskriminasyon
- Tumugon sa napapanahon at angkop na paraan sa sistematikong diskriminasyon (kawalan ng pagiging patas na nakapaloob sa mga tuntunin, sistema o gawi) at sa indibidwal na diskriminasyon

Ang Pahayag ng Pangako na ito ay susuriin tuwing dalawang taon. Maglalaman ito ng malinaw na mga aksyon na sumasalamain sa Balangkas para sa Kaligtasan at Inklusyon (Framework for Safety and Inclusion) ng Volleyball BC.

Ano ang gagawin ng Board ng Volleyball BC?

- Kasama ang mga kinauukulang komite nito, suriin taun-taon kung paano nire-recruit at pinipili ang mga miyembro ng Board at ng mga komite, kasama ang evaluation matrix (ang kasangkapang ginagamit upang suriin ang mga kandidato). Ang layunin ay maisama ang mga konsiderasyon at kasanayan kaugnay ng DEIA
- Tumanggap ng regular na ulat mula sa staff tungkol sa mga hadlang na naiulat sa volleyball, at kung ano ang naging resulta
- Tumanggap ng impormasyon tungkol sa demograpiko ng mga miyembro ng Volleyball BC at subaybayan kung paano ito nagbabago sa paglipas ng panahon

Ano ang gagawin ng Volleyball BC?

- Suportahan ang pag-aaral tungkol sa DEIA para sa Board, staff at mga volunteer nito

- Lumikha at magpanatili ng mga paraan upang matukoy ang mga hadlang na pumipigil sa mga miyembro na makilahok
- Aktibong maghanap ng mga paraan upang suportahan ang mga grupo at indibidwal na nararapat sa pagiging patas, at upang maiwasan ang pagbubukod o diskriminasyon bago pa ito mangyari
- Magtatag ng mga paraan upang matukoy at maiulat ang mga hadlang na kinakaharap ng mga tao sa volleyball
- Mag-alok o mag-ayos ng makabuluhang edukasyon para sa mga miyembro at sa komunidad ng volleyball
- Isama ang aksesibilidad sa mga pamantayan sa pagho-host ng mga event at pagpili ng mga pasilidad. Kung hindi maaalis ang isang hadlang, gawin ang lahat ng makakaya upang ipaalam ito sa mga kalahok nang maaga at upang matugunan o mabawasan ito
- Suriin ang mga komunikasyon nito para sa pagkakaiba-iba, pagiging patas, inklusyon at aksesibilidad. Gagawin ng Volleyball BC ang lahat ng makakaya nito upang gawing accessible at inklusibo ang mga komunikasyon nito, at upang maipakita ang DEIA sa nilalaman at mga larawan nito
- Tukuyin at itaguyod ang mga programang nagpapataas ng pakikilahok ng mga grupong nararapat sa pagiging patas
- Hikayatin ang mga kaugnay na organisasyon na pagtibayin ang Pahayag ng Pangako na ito, o gumawa at magpatibay ng sarili nila, dahil ang paglikha ng inklusibo at accessible na kapaligiran ay responsibilidad ng lahat ng partner
- Ibahagi sa mga kaugnay na organisasyon ang mga resource, kasangkapan at pagkakataon sa pag-aaral tungkol sa DEIA
- Hikayatin ang mga kaugnay na organisasyon na tukuyin at tugunan ang mga alalahanin kaugnay ng DEIA at ang mga hadlang sa pagiging miyembro. Kung angkop, mangangalap ang Volleyball BC ng impormasyon mula sa kanila tungkol sa mga hadlang na dapat isaalang-alang sa buong lalawigan
- Kilalanin ang mga kaugnay na organisasyon na aktibong nagtataguyod ng pakikilahok at DEIA sa kanilang pangangasiwa, mga programa at aktibidad
- Tumugon sa napapanahong paraan sa mga ulat ng diskriminasyon

Ano ang dapat gawin ng mga club at iba pang kaugnay na organisasyon?

Isasaalang-alang ng mga kaugnay na organisasyon ang:

- Pagpapatibay ng Pahayag ng Pangako na ito, o paggawa at pagpapatibay ng sarili nila
- Paggamit ng mga resource, kasangkapan at pagkakataon sa pag-aaral tungkol sa DEIA na ibinabahagi ng Volleyball BC
- Aktibong pagtataguyod ng pakikilahok at DEIA sa kanilang pangangasiwa, mga programa at aktibidad
- Pagtukoy at pagtugon sa mga alalahanin kaugnay ng DEIA at sa mga hadlang sa pagiging miyembro, at pagbabahagi ng mga ito sa Volleyball BC kung angkop

Ang mga kaugnay na organisasyon ay **tutugon** sa napapanahong paraan sa mga ulat ng diskriminasyon. Kung angkop, ang mga reklamo tungkol sa diskriminasyon ay isasampa sa Volleyball BC sa ilalim ng Patakaran sa Disiplina at mga Reklamo (Discipline and Complaints Policy) nito.

Ano ang inaasahan sa akin?

- Laging sundin ang Code of Conduct and Ethics (Mga Alituntunin sa Pag-uugali at Etika) ng Volleyball BC. Nakalista rito ang diskriminasyon bilang isang ipinagbabawal na pag-uugali sa ilalim ng Universal Code of Conduct to Prevent and Address Maltreatment in Sport (Pangkalahatang Alituntunin sa Pag-uugali para Maiwasan at Matugunan ang Pagmamaltrato sa Sport, o UCCMS).
- Iulat ang diskriminasyon. Kasama rito ang diskriminasyong nakikita ninyo, o nababalitaan ninyo, laban sa mga indibidwal at mga grupong nararapat sa pagiging patas.
- Hangga't maaari, suportahan ang mga tao at mga grupong nararapat sa pagiging patas, at ipagtanggol sila (advocate), kapag may natukoy na mga hadlang.

Paano ko iuulat ang diskriminasyon?

Magsampa ng reklamo sa Volleyball BC sa ilalim ng Patakaran sa Disiplina at mga Reklamo ng Volleyball BC.

Paano sinusubaybayan ang pag-unlad?

Taun-taon, titipunin at ibabahagi ng staff ng Volleyball BC ang mga aksyong ginawa kaugnay ng mga pangakong ito. Ang ulat na ito ay ipinapadala sa Komite sa Pagkakaiba-iba, Pagiging Patas at Inklusyon (Diversity, Equity and Inclusion Committee) at sa Board of Directors ng Volleyball BC.

Sino ang maaari kong kontakin tungkol sa pahayag ng pangakong ito?

Ang CEO ng Volleyball BC ang responsable sa pahayag ng pangakong ito:

- Email: ceo@volleyballbc.org

Paalala: Ang dokumentong ito ay ginawa upang ipaliwanag ang Pahayag ng Pangako sa Pagkakaiba-iba, Pagiging Patas, Inklusyon at Aksesibilidad ng Volleyball BC. Maaaring may mga detalye sa Pahayag ng Pangako na wala sa dokumentong ito. Kung may anumang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang dokumento, ang nilalaman ng Pahayag ng Pangako sa Pagkakaiba-iba, Pagiging Patas, Inklusyon at Aksesibilidad ang masusunod.

Ito ay salin ng bersyong Ingles ng dokumentong ito. Kung may anumang pagkakaiba sa kahulugan, ang bersyong Ingles ang masusunod.